

PROLOGUE

Malinaw na naririnig ni Helen Cabrera ang pag-uusap ng dalawang tao kahit na nakatalikod siya sa mesa ng mga ito sa loob ng isang first-class restaurant sa Makati.

“Please, Victor, sumama ka na sa amin ni Papa sa Cebu,” pakiusap ng isang babae sa kasama nito. “Boring kasi sa resort namin kapag wala ka roon. Siguradong matutuwa rin si Papa dahil may makakasama siyang maglaro ng golf.”

“Amor, kadarating ko lang mula abroad,” nangungunsuming sagot ng lalaki. “I need to rest before taking on the responsibilities that Uncle Fred will be passing on to me. Alam mo naman na ako na ang magiging presidente ng kompanya kapag nag-retire na siya.”

“Makakapag-relax ka naman sa Cebu,” pamimilit ng babae.

“I doubt it,” sagot ni Victor. “Kilala ko ang papa mo. Kung ito lang ang masusunod ay maghapon kaming maglalaro ng golf.”

Kahit alam ni Helen na mali ang makinig ng

usapan ng ibang tao ay ginagawa niya dahil kung hindi ay baka maloka na siya sa sobrang pagkainip!

“Are you enjoying yourself?” tanong ni Francis, ang date niya nang gabing iyon.

“Very much.” Pinilit niyang ngumiti kahit na gusto na niyang takpan ang mga tainga sa monologue nito. Sa isang oras na pag-uusap nila ay wala nang ibang alam na ikuwento si Francis kundi ang ex-girlfriend nitong feminist. Alam niya na masamang-masama ang loob nito sa paghihiwalay nila ng nobya pero kailangan bang maging shock absorber pa siya para lamang gumaan ang pakiramdam nito? Isa pa, hindi niya talagang kilala ang binata para paghingahan nito ng problema!

Kaya imbis na mag-enjoy siya sa pagsama sa isang guwapong ka-date ay natagpuan niya ang sariling nakikiusyoso sa problema ng mga taong nasa kabilang mesa.

“Tama naman ang ginawa ko, hindi ba?” pangungulit ni Francis sa kanya. “Sumosobra na kasi si Cora sa pagmamaliit niya sa pagkalalaki ko.” Punung-puno ng hinanakit ang boses nito. “Katulad ng nasabi ko kanina, walang dahilan ang mga feminist na sumigaw sa lansangan at humingi ng equality. They already have it. Tinitingala naming

kalalakihan ang kababaihan dahil sila ang reyna ng tahanan. Ano pa ba ang gusto nila?”

“You have a point there,” komento niya kahit na hindi talaga narinig ang sinabi nito. Pagod na siya sa paulit-ulit na diskusyon kaya sumasang-ayon na lang siya sa kahit ano ang sabihin nito. Tatal ay hindi na rin sila magkikita ng binata pagkatapos nang gabing iyon. She is going to make sure of that! *Makakarinig si Lena sa 'kin*, gigil niyang sabi sa isip. Hindi sinabi ng kaibigan na napaka-boring kasama si Francis!

“Kapag hindi iginagalang ang mga feminist na 'yan, kapag hindi nabigyan ng upuan sa bus o kaya'y hindi napagbuksan ng pinto, sasabihin nila na hindi kami gentleman. Kapag binawalan mo naman silang gawin ang isang bagay ay sasabihin nilang ina-*underestimate* namin ang kanilang kakayahan—”

“Ang ganda ng *ambiance* rito, ano?” sabad niya. “*Conducive* ang atmosphere para makapag-*relax*.” Masyado na siyang nate-tense sa usapan nila. Kaya nga siya pumayag na magkaroon ng blind date sa pamimilit na rin ni Lena ay gusto niyang maka-meet ng lalaking magiging kaibigan pero mukhang matatapos ang gabing iyon na magkakaroon siya ng kaaway!

“I'm afraid I can't relax here dahil naaalala ko

pa rin si Cora—”

Ibinaling ni Helen ang buong atensyon sa pakikinig sa kabilang mesa. Mas interesado siya sa nangyayaring drama kina Victor at Amor.

“You’re starting to get into my nerves, Amor. Hindi talaga ako puwedeng sumama sa inyo sa Cebu.”

“Kung ganoon ay hindi ko na lang sasamahan si Papa.”

“Hindi maaari ’yan. Sasama ang loob sa ’yo ng papa mo. Gusto mo bang magkasakit ulit siya sa katigasan ng ulo mo?”

Hinintay ni Helen ang pagsagot ni Amor pero matagal na katahimikan ang namayani sa kabilang mesa. Gusto tuloy niyang lumingon sa kinaroroonan ng mga ito. Mayamaya ay nakarinig siya ng mahinang pagsinghot na parang umiiyak na babae.

“Amor, huwag ka namang mag-drama dito,” naiinis na saway ng lalaki sa kasama.

“Mahal kita, Victor, pero binabale-wala mo ako.”

Nakadama ng pagkaawa si Helen sa hindi nakikilalang si Amor at pagkagalit naman sa insensitive na si Victor. Kailangan pa ba nitong pagsalitaan ang babae na parang isang bata?

Kung hindi siya nagkakamali ay pinagsawaan na nito ang babae kaya naghahanap na ito ng butas upang makawala. Maaaring maghahanap ulit ito ng panibagong challenge, panibagong babaeng paiiyakin na tulad ni Amor.

“Amor, don’t cry here. Baka akalain ng mga tao’y—”

“I don’t care! My heart is breaking into a million pieces. Iisipin ko pa ba ang sasabihin ng ibang tao?”

Hindi na napigilan ni Helen ang lumingon sa pagkakataong iyon.

Perfect pair sina Victor at Amor kung siya ang tatanungin dahil maganda ang babae samantalang matangkad at guwapo ang lalaki. Nakakunot ang noo ng huli habang umiiyak naman ang kasama nito.

“Ihahatid na kita,” sabi ni Victor sa babae at saka na ito inakay palabas.

Naiwan si Helen na parang nabitin sa eksenang nasaksihan. Kung kailan pa naman nagiging exciting na ang gabi!

“Why do these feminist group want changes? Hindi pa ba sila kontento? Hindi ko talaga maintindihan si Cora,” naiiling na saad ni Francis.

Napabuntunghininga siya dahil wala man lang kaalam-alam ang ka-date na kinakausap na lamang nito ang sarili. “Francis,” aniya,” uuwi na ako.”

Natigil ito sa pagsasalita. “P-pero hindi pa tayo tapos kumain—”

“I have better things to do,” mariin niyang sabad at saka na tumayo. Hindi niya alam kung maiinis o maaawa rito.

“Helen, akala ko ba’y nag-e-enjoy kang kasama ako?”

Ipinasya na niya itong prangkahin. “This blind date turned out perfectly... wrong,” tugon niya. “Sana’y magkabalikan na kayo ni Cora at baka sakaling mabago ka pa niya.”

Nagmamadali siyang lumabas ng restaurant, hindi pinansin ang manghang ekspresyon ng iniwan.

1

“Hindi ako maaaring magkamali,” naibulong ni Helen sa sarili. Ang lalaking umaakyat sa stage upang magbigay ng maikling speech ay ang Victor na nakita niyang nagpaiyak ng babae sa loob ng restaurant!

“Natulala ka na riyan, Helen,” puna ni Lena, best friend niya. “Hindi kita masisisi dahil napakaguwapo ng bagong presidente ng *CCB Broadcasting Company!*” kinikilig na sabi nito.

Hindi siya nagsalita sapagkat nakatuon ang kanyang buong atensyon kay Victor Sta. Maria. Hindi rin niya nasabi sa kaibigan na iba ang dahilan ng kanyang pagkatulala sa lalaki.

“Let’s give a toast to the continuing success of *CCB,*” nakangiting sabi ng bagong presidente sa harap ng mga empleyado at bisita.

Dalawa ang dahilan kung bakit may selebrasyon sa auditorium ng ten-storey CCB Building— anniversary party ng kompanya at ang pag-upo ni Victor Sta. Maria sa posisyong presidente kapalit ng uncle nitong si Fred Sta. Maria.

Pagkatapos ng programa ay nagpalakpakan ang

mga tao tanda ng mainit na pagtanggap sa bagong tagapamahala ng kompanya. Nakita ni Helen ang pagtapik ni Fred Sta. Maria sa pamangkin bilang pagpapakita na natutuwa rin ito dahil ang kompanya nito ay nasa mabuting kamay ni Victor.

“Oh, no!” Nadismaya si Lena pagkakitang humalik sa lalaki si Magda Ramirez, isang sikat na aktres. “Hindi na pala tayo mapapansin ni Victor dahil may Magda na siya.”

Natawa siya sa sinabi nito. “Huwag kang masyadong ilusyunada, Lena. Talagang hindi ka mapa-pansin ng mga tulad ni Victor Sta. Maria dahil ang mga tipo niyan ay mga babaeng may vital statistics na 36-24-36 at may height na 5’7” na tulad ni Magda,” sabi niya at saka tiningnan ang kaibigan na bukod sa pandak na ay may katabaan pa.

“Para kang hindi kaibigan,” kunwari ay pagtatampo nito. “Ako lang kasi ang puwede mong lait-laitin.”

Inakbayan niya ang nakasimangot na kaibigan. “Kahit ganyan ka’y mahal kita. Hindi kita ipagpapalit sa kahit na sampung Magda Ramirez!”

Nagpalitan sila ng makahulugang titig pagkasabi niya niyon.

Parehong writer sina Lena at Helen sa isang weekly drama special sa TV station na pag-aari ng CCB. Pareho na rin nilang naranasan na magtrabaho sa sikat ngunit temperamental na aktres na si Magda. Alam nila kung gaano ito ka-unprofessional sa set at sakit ng ulo sa mga crew.

“Ano kaya ang nakita ni Victor kay Magda?” bulong ni Lena sa kanya.

“Panlabas na kagandahan. Sa palagay ko’y iyon ang pinakamahalagang bagay para sa Victor na ’yan.”

“What’s wrong with that? Kung guwapo ka na rin lang ay maghanap ka ng partner na mako-complement ang looks mo!”

Napailing siya. “Kung ako ang tatanungin mo’y mas pipiliin ko pa ang lalaking may sense of humor kaysa guwapo nga siya pero napaka-dry namang kausap.”

“Well, Victor could be the man for you.”

Pumalatak lamang siya at saka sinundan ng titig ang pinag-uusapan nila. Hindi niya sinabi sa kaibigang malayung-malayo ito sa lalaking kanyang pinapangarap at hindi rin niya naipagtapat na nakita na niya ito minsan na nagpaiyak ng babae sa isang restaurant.

Ano na kaya ang nangyari kay Amor? tanong niya sa isip. May kapalit na kaya siya sa buhay ni Victor? Hindi niya maiwasang magtanong lalo na at nakikita niyang may intensyon si Magda Ramirez dito.

Unang pagkakita pa lamang niya rito noon sa loob ng restaurant ay alam na niyang kakaiba ito sa mga lalaking nakilala niya. May karisma ito upang mamuno sa isang napakalaking kompanya na tulad ng CCB at may sapat na katalinuhan upang mapanatili ang kaunlaran na pinagpaguran pa ng uncle nito.

Hindi rin ito pahuhuli kung kaguwapuhan ang pag-uusapan. Si Victor ay may pahabang mukha na nababagay sa matangos nitong ilong, mga matang napapaligiran ng mahahabang pilik-mata, kilay na makakapal at labi na parang laging nakangiti.

Sa kabuuan ay epitome si Victor Sta. Maria ng isang kaibig-ibig na lalaki—makisig, mayaman, edukado at guwapo.

Ngunit alam niya kung gaano ito kalupit sa babaeng tulad ni Amor.

“Ano’ng say mo kay Victor?” sabad ni Lena sa malalim niyang pag-iisip.

“Hindi ko pa siya kilalang lubusan upang magsalita ng tungkol sa kanya,” sagot niya.

Bumuntunghininga ito na parang nahihipnotismo. “Ang ibig kong sabihin ay kung nakapasa ba siya sa ‘yong high standards?”

“With flying colors,” nakangiti niyang sagot.

“Bakit nakakunot ang noo mo na parang hindi nagugustuhan ang nakikita mo?” takang tanong nito.

Hindi niya ito sinagot kundi hinila palabas ng auditorium nang magsimulang maglabasan ang mga tao papunta sa reception hall kung saan naroon ang handa.

“Naging magaling na presidente si Fred Sta. Maria,” komento ni John, isa sa cameramen nila. “Maging effective rin kaya ang pamangkin niya?”

“I heard na magaling siya sa negosyo katulad ng galing niya sa babae,” bulong ng isa.

Nagtawanan ang grupo nila maliban kay Helen na hindi na-amuse.

“Kung ganoon ay idolo ko na si Victor,” sambit ni Lena.

“Hindi ka pagtatapunan ng pansin ni Victor kung ‘yan ang pinapangarap mo!” tudyong isang production staff.

Nagtawanan ulit ang grupo.

“Helen, puwede bang ikaw ang first dance ko mamaya?” tanong ni John.

“Hindi ’yan marunong magsayaw.” Sinalo siya ni Lena dahil alam nitong tatanggihan niya si John. “Mamamaga ang paa mo kapag isinayaw mo si Helen dahil tatapakan ka lang niya. Mabuti pa’y ako na lang ang isayaw mo.”

Hindi na nakatanggi si John kahit na nakikita ni Helen na gusto nitong umayaw. Manliligaw niya ang binata pero hindi niya maprangkang wala siyang pagtingin para rito. Mas minabuti niyang ilayo na lang ang sarili rito upang hindi na lamang ito umasa. Isa pa, totoong hindi siya marunong magsayaw.

Pagkatapos ng kainan ay nagkaroon ng kantahan at sayawan. Nagpakitang-gilas ang ibang empleyado ng CCB. Si Helen ay nagkasya na lamang na panoorin sina Lena at John sa pagsasayaw.

“Pupunta muna ako sa rest room,” sabi niya pagkaraan ng ilang minuto. Nakakaramdam na siya ng pagkabagot.

Hindi napansin ng dalaga na maraming mata ng kalalakihan ang sumunod sa kanyang paglalakad habang lumalabas siya ng hall dahil sa taglay niyang

kagandahan—kagandahang walang kaartehan, simple at natural.

Maputi siya at deretso ang mahabang buhok na noon ay nakapusod para sa pormal na okasyon. Ang mukha niya ay hindi nakakasawang pagmasdan at habang tumatagal ay lalong gumaganda. Ang mga mata ay napapaligiran ng mahahabang pilik-mata.

Kung pagmamasdan si Helen ay mukha siyang matangkad ngunit ang totoo ay 5'2" lamang siya. Nagmumukha lamang siyang matangkad dahil balingkinitan ang kanyang katawan at mahaba ang legs na puwedeng kainggitan ng kahit sinong modelo.

Pagkatapos mag-retouch ng makeup ay lumabas na siya ng rest room para yayain nang umuwi si Lena. Napuyat siya nang nagdaang gabi sa pagtatapos ng isang script na sisimulan nang i-shoot sa isang linggo kaya gusto na niyang magpahinga.

Napansin niya kaagad ang isang lalaki sa pagkakasandal nito sa mismong daanan niya pabalik ng hall kung saan naroon ang party.

“May I pass?” pormal niyang tanong nang hindi ito tuminag sa lugar nito.

“Hi, Miss Beautiful!” nakangiti nitong bati sa lasing na boses.

Hindi naman siya kinabahan dahil marunong siya ng self-defense. “Paraanin mo ako, puwede?” ulit niya.

“Tek. Masyado ka namang mailap.” Namumungay ang mga mata nito na parang gustong matulog anumang oras. “Gusto lang naman kitang makilala.”

“You’re drunk, Mister. At hindi ako nakikipagkilala sa mga taong lasing!” Tumaas na ang boses niya sapagkat nawawalan na siya ng pasensya. Sa tingin niya ay mataas ang katungkulan nito sa kompanya dahil nakatodo-bihis ito.

“Hindi ako lasing,” pamimilit nito. “Ano’ng pangalan mo?”

Hindi niya ito sinagot.

“I like you. Ako na ang maghahatid sa ’yo,” anito at saka hinawakan ang isang braso niya.

“May kasama ako!” matigas niyang sabi at saka tinakpan ang ilong sa naamoy na alak sa hininga nito. “Padaanin mo ako! Ayokong manakit ng tao.”

Pumalatak ito. “Tinatakot mo ba ako? Hindi ako natatakot sa babaeng sexy na tulad mo.”

Nagtiim ang mga bagang niya, pinigilan ang sariling gamitin ang nalalaman sa karate. Parte sa

natutunan niyang sport ang self-control. “Sa party na lang tayo mag-usap,” mahina niyang mungkahi. “Naka-kaalangan kasi kung dito tayo magbibidahan, di ba?”

“Maingay roon samantalang dito’y may privacy tayo.” Humigpit ang pagkakahawak nito sa braso niya.

“Bitiwan mo sabi ako!” gigil niyang utos.

“At kung ayaw ko?”

Sasabihin sana niyang handa niyang baliin ang mga daliri nito pero may baritonong boses na sumabad mula sa kanyang likuran.

“Kapag hindi mo siya binitawan, mababasag ang ipinagmamalaki mong magandang mukha, Venzon!” sabad ng tinig.

Binitiwan siya ni Venzon na parang nakuryente pagkakita kay Victor. “S-Sir, nariyan pala kayo.”

“Pati ba naman dito, Venzon, hindi ka pa rin nagpapaawat?”

Sa tingin ni Helen ay biglang nawala ang pagkalasing ni Venzon. Namutla ito.

“Nagkaroon lang kami ng kaunting misunder-

standing ng girlfriend ko,” pagsisinungaling nito.

“Wait a minute!” sabad niya. “Hindi ko siya kilala. Hinarang na lang niya ako paglabas ko ng rest room,” depensa niya sa sarili.

“You’ve done it again, Venzon. Matagal ka nang pinagtitiyagaan ng mga kasamahan mo. You’re an executive assistant but you don’t live up to the expectations of the company,” matigas na sabi ni Victor.

“You don’t know me!” tugon nito.

“Si Uncle mismo ang nagsabi sa ’kin na ganito ka! Ngayon ay may rason na ako para tanggalin ka sa trabaho.”

“This is unfair!” galit na sagot nito.

Hinawakan ni Victor ang kuwelyo nito na parang nagdadala lamang ng isang manyika. “Mapagpasensya akong tao, Venzon. Umalis ka na,” mahina ngunit nakakatakot nitong utos.

Gusto na ring umalis ng dalaga sa narinig na galit sa tinig ni Victor. Hindi niya alam kung paano pa nakukuha ni Venzon na salungatin ang kagustuhan nito.

“You’re already starting to pull your weight

around here, aren't you?" tuya nito. "Ngayon ka pa lamang nakakaupo sa trabaho mo—"

"Nagsimula na ako ngayong gabi," mariing sabad ni Victor sa litanya ng lasing. "I just fired you, didn't I?" Pagkasabi nito ay binitiwang ang lalaki na parang pinandidirihan ito.

"Pagbabayaran mo ito, Victor Sta. Maria!" Bumaling si Venzon sa natitigilang si Helen. "Ikaw, Miss, mag-iingat ka rin kay Victor dahil wala kaming pagkakaiba." Tumawa pa ito bago ipinagpatuloy ang pagsasalita. "Ang pagkakaiba nga lang namin ay ang taktika; mas subtle ang approach niya sa babae—"

Hindi nito natapos ang sinasabi dahil sinuntok na ito sa panga ng nagtitimping si Victor. Hindi na ito nakapanlaban dahil kaagad itong nawalan ng malay.

"Hindi mo na kailangang gawin 'yon," manghang sabi niya.

Kunot-noong bumaling si Victor sa kanya. "Kung hindi ka nagsusuot ng ganyang damit ay hindi ka sana nang-iimbata ng rape!"

Namutla siya sa sinabi nito at pagkatapos ay pinamulahan ng mukha sa nadamang magkahalong galit at hiya. "Wala akong ginawang masama para bastusin!"

“Sa suot mong ’yan ay hindi mo na kailangang gumawa ng anuman,” sarkastikong sagot nito. “Come-on ang evening gown mong ’yan na sa tingin ko’y isa nang pantulog.”

“How dare you!” Hindi siya makapaniwala sa naririnig na salita mula pa mismo sa bagong presidente ng kompanya nila! Kung ikukumpara ang evening gown niya sa ibang mga babae sa party ay konserbatibo na nga iyon. “Wala ang problema sa aming mga babae kundi nasa utak ng mga tulad mong lalaki! Isa pa, this is a free country. Hindi na ba namin maisusuot ang gusto naming isuot?”

Hindi ito sumagot. Sa halip ay naglakad ang mga mata nito mula sa suot niyang sandals papunta sa evening gown niyang hapit sa katawan na may thin straps hanggang sa maganda niyang mukha na noon ay namumula sa galit.

“Are you satisfied?” sarkastiko niyang tanong. Pakiramdam niya ay hinuhubaran siya ng mapanuring titig nito. “Wala nga kayong pinag-iba ng Venzon na ’yon!” Pagkasabi ay tinalikuran na niya ito.

“Hey, Miss,” hawak nito sa isang braso niya, “sandali lang.”

“Let go of me,” kalmante niyang saad na parang

sinasabi: *This time I'm dead serious.*

“Alam ko na na-offend kita—”

“Bitawan mo ako kung nais mong pakinggan kita!” sabad niya.

Nakahinga siya nang maluwag nang bitawan nito ang pagkakahawak sa kanyang braso. Hindi siya masyadong makahinga kapag magkalapit sila kaya dumistansya siya nang kaunti rito.

“Uminit lamang ang ulo ko kanina kaya kung anu-ano na ang nasabi ko. I'm really sorry.”

Sa unang pagkakataon ay nakita niyang ngumiti si Victor nang malapitan at napabilis ang paghinga niya! Umiiba ang mukha nito dahil ang dating guwapong mukha nito ay nagkaroon ng charm at naging boyish.

“Am I forgiven?” tanong nito.

Bigla siyang hindi mapakali. “Okay lang 'yon. I guess you can say and do whatever you like dahil boss ka namin,” sarkastikong sagot niya

Hindi nito nagustuhan ang kanyang sinabi. “Hindi natin pinag-uusapan ang posisyon ko sa kompanyang ito.”

“Kalimutan na natin ang lahat.” Lumakad na siya pabalik sa party.

“I fired a guy for you pagkatapos ay tatalikuran mo lamang ako?” pagbibiro nito. “Hindi mo man lang sinasabi ang pangalan mo sa ’kin at kung saan ka nagtatrabaho.”

Hinarap niya ulit ito. “Kahit na hindi ka dumating kanina’y kayang-kaya kong pangalagaan ang sarili ko.”

“And how were you supposed to have done that?”

“Marunong ako ng self-defense,” sagot niya kahit na sa loob-loob ay napapahiya na dahil sa kanyang pandinig ay nagyayabang siya.

“Ano ba ang linya mo?” biglang tanong nito.

“Scriptwriter ako ng isang drama series.”

“Gusto mo bang mag-iba ng propesyon?” nakatawang tanong nito. “You can be my bodyguard.”

“May sense of humor ka rin pala,” pang-iinsulto niya. Imbis na magalit ay tumawa pa ito nang malakas.

“Why do I have the feeling that you don’t like me?”

“What I feel towards you isn’t important, Mr. Victor Sta. Maria, dahil empleyado mo lang ako.”

“May nagawa ba akong napakasama sa ’yo o galit ka lamang sa mga boss in general?” pagpapatawa nito.

“You want the truth?”

“Yes.”

“At hindi ka magagalit sa ’kin?”

“Promise.” Nakangiti pa ito.

Huminga muna siya nang malalim bago nagsalita. “Hindi ko nagustuhan ang ginawa mong pang-iinsulto sa ’kin. Kahit na sabihin mong mainit ang ulo mo kaya nasabi mo sa ’kin ’yon ay hindi ko matatanggap ang apology mo,” galit niyang turan. “Tama ang first impression ko sa ’yo.”

“At ano naman ang impression mo sa ’kin?” Na-amuse pa rin ito sa nakikitang nanlilisik na mga mata ng dalaga.

“Mayabang ka, sexist at arogante!”

2

“Kung ganoon na pala ang tingin mo sa ’kin ay kailangan kong i-maintain ang image ko sa ’yo,” sarkastikong sabi ni Victor. Sa pagkabigla ni Helen ay bigla siya nitong hinila palapit at saka mahigpit na niyakap. “Ito siguro ang expectation mo sa ’kin.”

“Bitiwan mo—” Hindi niya naituloy ang sasabihin dahil siniil na siya nito ng mariing halik sa labi! Mabilis ang pangyayari kaya hindi niya nabigyan ng ekspertong karate chop ang lalaki. Sa pakiwari niya ay biglang napalitan ang kanyang pagkatao. Ang matapang na si Helen Cabrera ay nawala at sa halip ay pumalit ang isang babaeng nag-e-enjoy sa mga halik ni Victor Sta. Maria!

Hindi nagtagal ay narinig niya ang mga yapak ng paparating na tao. Tinangka niyang itulak palayo ang lalaki pero lalong humigpit ang pagkakayakap nito. Nakaramdam siya ng pagkaalarma dahil hindi siya sanay na nakikipaghalikan sa publikong lugar o kahit na sa pribado.

Ginawa niya ang unang aksyon na sumagi sa isip niya. Kinagat niya ang labi nito.

“What the—?”

Binitawan siya ni Victor na naka-timing naman sa pagdating ng isang matandang lalaki na sa hula niya ay janitor. Pigil ang hiningang hinintay niyang makaalis ito bago siya muling nagsalita.

“You left me no choice,” galit niyang sagot nang makasiguradong wala nang makakarinig sa kanila. Nakaramdam siya ng pagsisisi nang makitang dumugo ang labi nito. “Here, take this.” Iniabot niya ang panyo rito. “Look what you’ve made me do!” naiiyak niyang sabi.

“Pinapatunayan ko lang na hindi ka nagkakamali sa impression mo sa ’kin,” uyam nito.

“Kailangan mo pa ba akong halikan?” Pulang-pula ang mukha niya sa pagkapahiya. At bakit parang nasaktan siya nang may maaninag na pagdaramdam sa mga mata nito? Nasaktan ba niya ito sa sinabi?

“Mas convincing, hindi ba?”

“I don’t like playing games with men like you! Huwag mo akong ihalintulad sa ibang babaeng nakilala mo!” pasigaw niyang sabi at saka na ito tuluyang tinalikuran.

Nagmamadali siyang bumalik sa party at hinanap

si Lena upang yayain na itong umuwi. Roommate sila nito sa isang boarding house sa Quezon City.

Tumingin siya sa kanyang likuran sa takot na baka sinusundan pa siya ni Victor. Napanatag siya nang kaunti nang hindi ito makita sa paligid. *Mabuti na lang at hindi niya ako kilala*, naisip niya.

“Lena!” tawag niya.

Nasa dance floor ang kanyang kaibigan at nasa kasarapan sa pag-indak sa isang masayang tugtugin.

“Lena, umuwi na tayo,” desperada niyang sabi at saka ito hinila. Hindi niya pansin na pinagtitinginan na siya ng mga tao sa dance floor.

“Mamaya na lang,” reklamo nito. “Nag-e-enjoy pa ako.”

“N-nasira kasi ang tiyan ko,” pagsisinungaling niya habang palinga-linga sa paligid.

“Kumuha ka ng gamot sa handbag ko,” utos nito. “Hayaan mo muna ako rito. Exercise ko rin ang pagsasayaw para pumayat nang kaunti,” pagbibiro nito.

“Kung ayaw mong umuwi’y—”

“Helen,” tarantang sabad nito, “parang papalapit

rito si Victor Sta. Maria.”

Muntik na siyang mapatakbo pagkakitang paparating na nga ang lalaki! Lalo siyang kinabahan dahil nakangiti ito. Siya lang ang nakakaalam kung paano ito nagtitimpi upang hindi siya masakal.

“May I have this dance?” pormal na tanong nito sa kanya nang makalapit sa kanila.

“Hindi—” simula niya nang sikuhin siya ni Lena at tapunan ng tingin na parang nagsasabing: *Boss natin iyan.*

Hindi na siya nakasagot nang ikulong siya ni Victor sa mga bisig nito. Pumailanlang ang kanta na *The First Time I Loved Forever.*

“Talaga bang iniinis mo ako, Sir?” galit niyang panimula. Kung inaakala nito na makukuha siya sa kapapa-charming ay nagkakamali ito! “Alam mong ayokong makipag-usap o makipagsayaw sa ’yo, Sir!”

Ngumiti ito na parang na-amuse lamang sa kanya. “Tawagin mo na lamang akong ‘Vic.’ Pagkatapos ng nangyari sa atin ay hindi na kailangan ang formalities.”

Sinasadya talaga ng lalaki na ipahiya siya at nagtatagumpay ito! Pinamulahan siya ng mukha at

muntik nang matapilok sa suot na high heels.

“Hindi ko pa pala alam ang pangalan mo,” anito.

“Hindi mo na kailangang malaman.”

“Talagang galit ka pa sa ’kin, ano?” tanong nito nang matapakan niya ito ulit.

“Puwede bang tumigil na tayo sa pagsasayaw?” pakiusap niya. Pakiramdam niya ay nakatuon ang atensyon ng lahat ng tao sa kanilang dalawa!

“Bakit?” tanong nito. “Natatakot ka ba sa ’kin?”

“Bakit naman ako matatakot sa ’yo?” sarkastiko niyang sagot. “It may have escaped your notice pero ayaw kitang makasama.”

Bahagya itong natawa. “Yan ang linyang puwedeng makatawag ng pansin ko,” aroganteng sabi nito.

“Hindi ako nagpapansin sa ’yo!” mariin niyang saad. “Okay, Sir, hindi—”

“Vic,” sabad nito.

“Ano?”

“Tawagin mo akong ‘Vic,’” utos nito.

Hindi niya pinansin ang sinabi nito. “Okay, alam

kong galit ka sa ginawa ko kanina. Ako na ang mag-a-apologize kahit na labag sa kalooban ko. Alam kong nasaktan ko ang pride mo.”

“Hindi mo pa ako kilalang mabuti para husgahan ako—”

“Puwede bang tumigil na tayo?” sabad niya nang matapakan niya ito ulit.

“Will you shut up for a while?”

Uminit ang ulo niya sa sinabi nito. Walang sinumang tao ang nagpa-shut up sa kanya kahit na ang sarili niyang ina! “Look, boss lang kita.”

“I’m sorry,” sabi nito. “Hindi ko sinasadyang sigawan ka.”

Natameme siya sa biglang pagpapakumbaba nito. “You always say that.”

“I mean it. I’m really sorry. Ngayon ay ako naman ang makikiusap. Huwag mo na akong tapakan.”

Nadismaya siya pagkakita sa dating makintab na sapatos ni Victor na naging marumi na sa katatapak niya. Hindi niya napigilan ang tawang kumawala sa kanyang bibig.

Napapangiti na rin ito. “Masakit ka palang

magbiro.”

“Actually, hindi ko sinasadyang matapakan ka. Hindi talaga ako marunong magsayaw.” Dati-rati ay okay lang sa kanya ang kakulangang iyon pero sa pagkakataong iyon ay naging miserable siya.

“You’re joking.” Natawa ulit ang lalaki. “Marunong ka ng karate pero hindi ka marunong sumayaw?”

“I had to learn something, you know. Kung hindi ka magaling sa isang bagay ay humanap ka ng ibang bagay kung saan puwede kang mag-excel,” depensa niya sa sarili.

Hindi na sila nagsasayaw sa gitna ng dance floor kundi nag-uusap na lamang.

“Kung ganoon ay tuturuan kitang sumayaw,” mungkahi nito.

“No, thanks! Hopeless ang kaso ko. Hindi talaga ako marunong,” desperada niyang sagot. Hindi niya mapigilan ang pagbilis ng tahip ng kanyang puso sa pagkakalapit nila.

“Nonsense,” sagot nito at saka nila ipinagpatuloy ang pagsasayaw.

Hindi na niya mabilang ang beses na natapakan niya si Victor at ang bilang ng muntik na niyang

pagkatapilok kung di lamang siya inaalalayan nito.

“Sinabi ko nang hindi mo ako matuturuan,” nadidismayang sabi ni Helen.

“You’re getting... oops! Huwag masyadong mabilis,” utos nito. “You’re getting the... hang of it.”

Pakiramdam niya ay kawayang patpat ang kanyang mga paa na pilit na pinapalambot! “Puwede bang umupo na tayo?”

“Pagod ka na ba?” tanong nito.

Tumango siya at nakaramdam bigla ng pagkapa-hiya nang maalala ang nangyari sa kanila labas ng rest room. Napadako ang tingin niya sa mga labi ng kaharap at nakitang nabawasan na ang pamamaga niyon.

“It doesn’t matter,” biglang sabi nito. “I’ll survive.”

Nagtataakang tunitig siya sa tila nakangiti nitong mga mata. Parang nababasa nito ang anumang nasa isipan niya!

“Kalimutan na natin ang nangyari kanina. Let’s be friends, okay?”

Nagkibit-balikat siya. “Well, tatal pinagtiyagaan mo akong turuang magsayaw kahit na wa epek.”

Natawa ito. “Itatanong ko ulit sa ’yo kung ano ang pangalan mo.”

“Helen Cabrera.”

“May-asawa ka na?”

Tumaas ang isang kilay niya. “Mukha na ba akong may-asawa?” balik-tanong niya.

Umiling ito. “May nobyo ka na?”

“You ask a lot of questions,” puna niya. Wala siyang balak na sagutin ang lahat ng tanong nito. “Kung ako kaya ang magtanong sa ’yo niyan, hindi ka kaya magagalit?”

“You’re welcome to ask me anything.” Inalalayan siya nito pabalik sa mesa. “Tanungin mo lahat ng personal questions na nais mong itanong.”

Tumigil siya sa paglalakad at mataman itong tiningnan. “Are you always this charming to every woman you meet?”

“Sa ’yo lang, Helen.”

Parang nagising ang dalaga sa isang magandang panaginip nang maalala kung sino ang kasama. Hindi ito isang ordinaryong tao na puwede niyang biruin. Ito ang presidente ng *CCB*! Kailangan din niyang

tandaan na hindi siya sanay sa love games nito; hindi siya sanay makipagbolahan at makipaglaro na tulad nito. “I’d better go,” aniya.

“Sandali lang. May ipapakilala ako sa ’yo.”

“S-sino?” kunot-noo niyang tanong. Gusto na niyang makaalis upang makalmante na siya. Mula nang makilala niya ito ay parang naging yoyo ang kanyang emosyon. Kung minsan ay naiinis siya at sa isang iglap ay natutuwa. *Nagustuhan mo rin ang halik niya kanina*, bulong ng konsyensya niya.

Hinila siya ni Victor papunta sa mesa ng mga VIP. Hindi na niya pinagtakhan iyon dahil mismong presidente ng kompanya ang kanyang kasama.

Hinila niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito. “Sino ang ipapakilala mo sa ’kin?” naiinis niyang tanong. Bakit ba siya sumama rito? Nai-insecure tuloy siya.

“Ipapakilala kita kay Uncle.”

Muntik na siyang mapatakbo sa sinabi nito. “Bakit pa?” reklamo niya. “Ano ba ako sa kanila?”

“Mahalaga ka sa akin,” sagot nito.

“Ngayon mo pa lamang akong nakikilala,” pang-uuyam niya. “You don’t expect me to believe na

mahalaga nga ako sa 'yo. Hindi mo pa ako lubusang nakikilala.”

“Ngayon pa lamang tayo nagkita pero pakiramdam ko’y matagal na kitang nakasama.”

Kinabahan siya sa seryosong pananalita nito. “Baka soulmates tayo,” pagbibiro niya.

“Siguro nga. Ngayon ay naniniwala na ako sa reincarnation,” sagot nito. “Sana’y hindi pa umalis si Uncle... Hayun siya!” Hinila siya nito palapit sa matandang lalaki na busy sa pakikipag-usap sa ibang business associates.

“Victor, ayoko!”

“Come on. Hindi naman kumakain ng tao si Uncle.”

“May mga kausap siya,” mariin niyang sabi. “Nakakahiya kung mang-iistorbo tayo.”

“Hindi tayo istorbo,” matigas na tugon nito at saka siya inakbayan. “I’m sure my uncle will like you.” Nakalapit na sila kay Fred Sta. Maria. “Uncle, I would like you to meet Helen,” pagpapakilala nito.

Nakangiting tumayo si Uncle Fred at saka siya nginitian. Matangkad ito tulad ng pamangkin at kailangan niya itong tingalain.

“Kumusta ka, Hija?” tanong nito.

“Mabuti ho,” sagot niya sa kabila ng pagkapahiya.

Pinagmasdan siyang mabuti ni Uncle Fred at mayamaya ay kumunot ang noo na parang hindi nagugustuhan ang nakikita sa kanya.

“Is there something wrong?” lakas-loob niyang tanong. Ayaw man niyang aminin ay hindi siya mapakali sa titig ng matandang lalaki na parang nakakita ito ng multong kinatatakutan. Hindi ganoon ang karaniwang reaksiyon ng isang tao kapag may ipinakikilalang kaibigan ang pamangkin!

Ang hula niya ay kasing-edad ng kanyang mama ang dating presidente ng *CCB*. Sa kabila ng edad nito ay maaaninag pa rin ang kakisigan at kaguwapuhan nito noong kabataan. Magiging ganito ang hitsura ni Victor kapag nagkaedad, naisip niya.

“Ano ang apelyido mo, Hija?” tanong nito.

Ngumiti nang mapait si Helen at tumingin sa natitigilang si Victor. Mahalaga pala na malaman nito kung saang pamilya siya nanggaling. “Cabrerera ho. Helen Cabrera.”

Biglang natigilan si Uncle Fred at parang namutla ito. “Excuse me,” nagmamadali nitong paalam sa

lahat. “May kakausapin lang ako sandali. ’Nice meeting you, Hija,” anito sa kanya at saka na tuluyang umalis.

“I wonder what’s bothering him. He’s been acting strange these past few days,” sabi ni Victor habang sinusundan ng tingin ang uncle. “I’m sorry about that,” baling nito sa kanya.

“It’s all right.” Pilit siyang ngumiti kahit masakit sa loob ang ma-reject ng isang tao. Kung anuman ang hindi nagustuhan ni Fred Sta. Maria sa kanya ay wala siyang pakialam! “I’d better go.” Tumalikod na siya.

“Thahatid na kita.”

“Victor!” tawag ng isang malambing na boses. Si Magda ang dumarating. “Kanina pa kita hinahanap.”

Umakmang aalis siya pero hinawakan ulit ng lalaki ang kamay niya. “Kilala mo na si Magda?” tanong nito sa kanya.

Nangungunsumi siyang tumango. Sa palagay niya ay balak ni Victor na ipakilala ang lahat ng tao sa kanya! “Nagkasama na kami minsan sa isang drama special.”

“Really?” Ngumiti ang mapupulang labi ni Magda. “Hindi ko matandaang nakasama ka.”

“Actually, writer ako ng istorya kung saan ka nag-guest,” sagot niya. *And you were your usual bitchy self*, dugtong niya sa isip. “I’d better go. Hinihintay na ako ni Lena.” Mataman niyang tiningnan ang kamay na nakahawak sa kanyang kamay. Hindi pa rin siya binitiwang ng lalaki.

“Thahatid ko kayo ni Lena.”

“Pero, Victor, sabi’y ihahatid mo ako,” sabad ni Magda.

Napuno na talaga si Helen kung kaya hinalbot niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito. “Don’t worry, Magda. Hindi na kailangang ihatid pa ako ni Victor dahil may dala kaming sasakyan,” mataray niyang sabi.

Nakita niyang natameme si Magda sa kanyang sinabi. Nakadama siya ng kaunting kasiyahan.

“Magkikita pa rin tayo, Helen,” pangako ni Victor.

“Don’t count on it,” aniya.